



OPEN ONTARIO

Ang Plano ng Ontario para sa mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya



Ang 2010 ONTARIO BUDGET

Highlights



Ang 2010 Speech from the Throne ng Ontario ay nagtatakda ng isang limang-taong plano para sa Open Ontario para sa mga bagong trabaho at paglago ng ekonomiya. Ang 2010 Budget ay nagmumungkahi ng mga hakbang upang gumawa ng daan para palakasin ang kinabukasan ng ekonomiya ng Ontario sa pamamagitan ng:

- ☑ Mga bagong lugar para sa mga estudyante sa mga unibersidad at mga kolehiyo ng Ontario
- ☑ Suporta para sa north
- ☑ Pamumuhunan sa imprastruktura, malinis na enerhiya, buong araw na pag-aaral at child care
- ☑ May pananagutang pamamahala ng pampublikong resources.

Ang Open Ontario Plan para sa Edukasyon

Ang Open Ontario ay magsusuporta sa mga bagong trabaho sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga eskwelahan, mga kolehiyo, mga unibersidad, at mga trade.

Ang layunin ay ang itaas ang postsecondary attainment rate at gawin itong 70 porsiyento.

- ☑ Pagpopondo sa **20,000 mga bagong lugar para sa estudyante** sa mga kolehiyo at mga unibersidad, simula sa Setyembre.
- ☑ **Ang bawat kwalipikadong Ontarian** na nais mag-aral sa kolehiyo o sa unibersidad ay makakahanap ng lugar.

Full-Day Learning (Buong Araw na Pag-aaral)


Sa Open Ontario, ang Ontario ay magiging pangunahing hurisdiksyon sa North America na may full-day learning para sa mga apat at limang-taong gulang.

- ☑ Magsisimula nitong Setyembre ang full-day learning para sa hanggang **35,000 mga bata** sa 600 mga eskwelahan.

Ang Pamumuhunan sa Child Care

Pupunan ng Ontario ang gap na iniwan ng pederal na pamahalaan – ito’y mamumuhunan ng \$63.5 milyon bawat taon upang pondohan ang child care at tulungan ang:


- ☑ Humigit-kumulang sa **8,500 mga bata sa Ontario** na manatili sa child care
- ☑ 1,000 child care workers na manatili sa kanilang mga trabaho.



Ang 2010 Ontario Budget

Libreng numero: 1-800-337-7222
TTY libreng numero: 1-800-263-7776

www.ontario.ca/budget



Tagalog

www.ontario.ca/budget

Tax Plan ng Ontario para sa mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya

Nilunsad ng pamahalaan ang pinakamakabuluhang tax reform sa henerasyon, na maglilikha ng mga trabaho at magbubukas sa Ontario sa bagong pamumuhunan.

Sa taóng ito, binabaan ng Ontario ang mga buwis at itutuloy nito ang Harmonized Sales Tax (HST).

- ☑ Sa loob ng 10 taon, ang mga ito at ang iba pang gagawin ay gagawa ng halos **600,000 mga bagong trabaho**, mag-aakit sa \$47 bilyong pamumuhunan sa negosyo at magtataas ng kita nang hanggang 8.8 porsiyento.
- ☑ Ang transition payments na hanggang \$300 para sa bawat tao at \$1,000 para sa mga pamilya ay makakatulong sa Ontarians na mag-adjust sa HST.
- ☑ Ang income taxes ay ibinabâ para sa 93 porsiyento ng mga nagbabayad ng income tax.

ontario.ca/taxchange

Mga Pamumuhunan sa Imprastruktura para sa Maikling Panahon

Ang mga napakalaking pamumuhunan sa darating na dalawang taon para sa mga kalye, tulay, eskwelahan, ospital, at iba pang imprastruktura ay maglilikha at magpapanatili ng higit sa 300,000 mga trabaho sa ating mga komunidad.

ontario.ca/infrastructure



Mga Trabaho sa Green Economy

Ang Green Energy Act, 2009 ay tutulong na lumikha ng **50,000 mga bagong trabaho** sa darating na tatlong taon.

Ang bagong water strategy na iminungkahi ng Open Ontario ay magprotekta sa water resources ng Ontario at magbibigay ng mga trabaho.



Open Ontario Northern Strategy

Mamumuhunan kami ng humigit-kumulang sa \$150 milyon bawat taon sa darating na tatlong taon upang:

- ☑ **Bawasan** ang halaga ng koryente nang halos **25 porsiyento** para sa mga malalaking industriya
- ☑ Tulungang preserbahin at lumikha ng mga trabaho.



Mamumuhunan kami ng \$45 milyon sa darating na tatlong taon para sa isang bagong skills training program upang tulungan ang Aboriginal Peoples at northern Ontarians na makinabang mula sa mga trabaho sa rehiyon ng Ring of Fire.

- ☑ Pamumuhunan ng Ring of Fire Coordinator ang aming sama-samang pagsisikap na isulong ang ipinangakong ekonomiya ng lugar.

Bilang tulong sa mas mataas na gastos sa enerhiya, inilulunsad namin ang Northern Ontario Energy Credit na hanggang \$130 para sa indibidwal at \$200 para sa mga pamilya bawat taon.

Ang credit na ito ay bukod pa sa sales at property tax credits na makukuha sa buong probinsiya



Pamamahala nang May Pananagutan

Ang Fiscal Plan

Hahatiin ng pamahalaan ang deficit makalipas ang limang taon at tatanggaliin ito makalipas ng walong taon.

Ang mga panloob na gastos sa pagpapalakad ay hindi magbabago o magiging mas mababâ pa sa 2010-11 levels.

Pagsusuweldo

Upang pamahalaan ang paggastos at makatulong sa paglaan ng hanggang \$750 milyon pagdating ng 2011-12 upang panatilihin ang mga pampublikong serbisyo tulad ng mga eskwelahan at mga ospital:

- ☑ Tatlong taong hindi magbabago ang suweldo ng mga MPP, ibig sabihin ay dalawang taon pang hindi magbabago ang kanilang kasalukuyang suweldo
- ☑ Ang mga istruktura ng pagsusuweldo para sa lahat ng non-bargained na mga empleyado sa Mas Malawak na Pampublikong Sektor at Pampublikong Serbisyo ng Ontario ay dalawang taon pang hindi magbabago
- ☑ Isasaalang-alang ang mga kasalukuyang collective agreement
- ☑ Kapag pagkakasunduan muli ang mga collective agreement, makikipagtulungan ang pamahalaan sa transfer partners at bargaining agents upang humingi ng pakikipagkasunduan na magtatagal ng dalawang taon man lamang
- ☑ Walang pagpopondo ang fiscal plan para sa unti-unting pagtaas ng suweldo para sa anumang mga collective agreement sa darating na panahon.